Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Agosto 6, 1987

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 155, s. 1987

IKALABINTATLONG PAMBANSANG KUMPERENSYA
SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang ika-13 Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ay idaraos sa Oktubre 13-14, sa Pamantasan ng Pilipinas, Faculty Center, Lungsod Quezon.

2. Ang paksang-diwa ng kumperensya ay "Ang Kamalayang Ispiritwal ng Pilipino."

3. Pagkatapos ng kumperensya, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. magkakaroon ng kaalaman tungkol sa kasalukuyang katayuan ng pag-aaral sa kamalayang ispiritwal ng Pilipino;

b. magkakaroon ng pag-unawa at mapanuring pagtingin sa relihiyon at kamalayang ispiritwal ng Pilipino;

k. makaaalam at makasusuri sa mga siyentipikong paliwanag sa pananatili at pag-unlad ng mahahalagang karanasan at konseptong ispiritwal;

d. makabubuo ng ugnayan ng mga iskolar at kalahok sa larangan ng relihiyon; at

e. makapagbibigay ng panukala sa ikauunlad ng katutubong relihiyon at ng pagsasakatutubo ng relihiyon sa Pilipinas.

4. Ang lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid ng Pilipino, Ingles at Araling Panlipunan, mga kinatawan mula sa mga kolehiyo at unibersidad na pang-estado o pribado man na nagtuturo ng Psychology, Sociology, History, Political Science, Anthropology, Philosophy at Humanities, mga propesor/instraktor ng Ingles at Pilipino, mga estudyante o gradwadong estudyante, at mga observer ay pinahihintulutang dumalo sa kumperensyang ito.

5. Upang makapaghanda ang mga tagapagtaguyod para sa kumperensya, mangyaring ipasagot sa mga dadalong kinatawan ang kalakip na papel sa pagpaparehistro at ibalik sa o bago dumating ang Oktubre 10, 1987 kay:

Dr. Alfredo V. Lagmay
Pangulo, Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino
5-B Marilag Street, UP Village
Diliman, Quezon City

6. Manggagaling sa pondong lokal na nasasaklaw ng pagtutuos at pag-awdit ang ibabayad ng bawat kalahok ayon sa sumusunod na iskedyul ng bayad sa rehistro:

Delegado --- ₱200 (para sa buong kumperensya)
Estudyante ---₱10 (bawat kalahating araw)
Gradwadong Estudyante --- ₱10 (bawat kalahating araw)
Observers --- ₱50 (bawat kalahating araw)

7. Kaugnay nito'y manggagaling din sa pondong lokal ang halagang ₱300.00 na magugugol sa akomodasyon at pagkain, bukod pa rito ang transportasyon ng kinatawan patungo sa UP, Diliman, Lungsod Quezon at pabalik sa sariling paaralan, sangay o rehiyon.

8. Mangyaring ipabatid sa lahat ng kinauukulan ang Memorandum na ito.

(Lgd.) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Kalakip:

Gaya ng nasasabi

Sanggunian: DECS Memorandum: (No. 143, s. 1987)

Pamamahagi: 1-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
OFFICIALS
RELIGION
STUDENTS
TEACHERS

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 155, s. 1987)

PAGPAPAREHISTRO

Pangalan (Limbag) ____________ (Apelyido) ____________ (Una) ____________ (M.I.) Palayaw ____________

Paaralan/Kolehiyo/Unibersidad ____________

Katayuang Sibil ____________ Babae ____________ Lalaki ____________

Tungkulin ____________

Tanggapan ____________ (Sangay) ____________ (Rehiyon)

Pook na Kinaroroonan ng Tanggapan ____________

Petsa ng Kapanganakan ____________ Edad ____________

Tirahan sa Lalawigan ____________

Metro Manila ____________

Bilang ng Taon sa Kasalukuyang Tungkulin ____________

____________
Lagda